# KAY HESUS KA BA NANGAKO?

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Allan Dizon Samonte
Mayo 11, 2024

Ang mangako ay hindi lamang sa pagdalo. Ito ay isang pangakong maglingkod sa Panginoon. Itinatalaga natin ang ating sarili kung tayo'y maglilingkod. Katumbas ng pangako ang Paglilingkod (SERVICE).

**S – *Sacrifice* => (Sakripisyo)** Naglilingkod tayo sa diwa ng sakripisyo at pag-ibig. Nasusukat ang paglilingkod sa pagmamahal na inilalaan natin dito. Ang tunay na paglilingkod ay may kasamang sakripisyo. Ito ay nagiging banal kung inihahandog ito sa Diyos. Tinitingnan ng Diyos kung gaano natin kamahal ang ating ginagawa.


**E – *Enthusiasm*=> (Sigasig)** Ang salitang *enthusiasm* ay mula sa salitang Griyego na "entheos", ibig sabihin 'sa pangalan ng Diyos.' Sabik tayo dahil gumagawa tayo sa ngalan ng Diyos. Kung nakadadama tayo ng kagalakan at pananabik sa ating paglilingkod, kahit na nahihirapan tayo, ginagawa natin ito para sa Diyos. Kapag tayo naman ay nawawalan na ng gana, ang ginagawa natin ay hindi para sa Diyos.

**R - *Right intention and motivation* = > (Tamang intensyon at motibasyon)** Sa mata ng Diyos, mas mahalaga ang ating intensyon kaysa sa ating aksyon. Kung tayo ay naglilingkod nang may maling intensyon, hindi tayo magtatagal. Ang paglilingkod na may tamang intensyon lamang ang magkakakamit ng gantimpala mula sa Diyos.

**V - *Voluntary*=> (Kusang loob)** Naglilingkod tayo dahil gusto natin at **HINDI** dahil napilitan lamang tayo. Maglingkod nang kusa. Hindi kailangang makilala o magantimpalaan tayo. Magkusang loob sa mga gawain ng Diyos..

**I-Intelligence=> (katalinuhan)** Kapag inihahandog natin sa Diyos ang ating talento/kaloob at kakayahan, pinupuri natin ang Diyos. Ang ating karisma ay hindi para sa ating sarili, kundi para sa paglilingkod sa Diyos. Lahat tayo ay binigyan ng Diyos ng espiritwal na kaloob at espesyal na kakayahan na dapat gamitin sa paglilingkod sa kapwa at sa komunidad.

**Cooperation =>( koordinasyon)** Hindi lamang tayo nagsisilbi. naglilingkod tayo sa isang simbahan, isang komunidad, na binubuo ng iba pang taong nagsisilbi. Ang koordinasyon sa iba pang grupo o ministeryo ay mahalaga. Dapat walang kompetisyon o pagiging eksklusibo.




Maaaring may iba't-iba tayong tungkulin ngunit iisa ang ating layunin: maglingkod sa Diyos. Sa pakikipag-usap, kailangan nating gumamit ng mga salitang naghihikayat. Kailangan nating maging mapagpakumbaba at matiyaga, tulungan at suportahan ang isa't isa. Kailangan nating itaguyod ang pagkakaisa sa halip na pagka hati-hati.

**E-*Eucharist*=> (Eukaristiya)** Ang araw-araw na misa, ang pinaka mataas na antas ng panalangin at serbisyo, ay mahalaga sa bawat naglilingkod. Ang banal na misa ay nagbibigay sa atin ng biyaya upang mapalalim ang ating espiritwal na paglalakbay at sa ating paglilingkod.

**KONKLUSYON:**

Ang ating pangako kay Hesus ay kapantay ng tunay at taos pusong S.E.R.V.I.C.E. Tinawag tayo ng Panginoon na may layunin. Ang buhay ay hindi kung gaano kahaba ito, kundi paano tayo namuhay.

**PAGNINILAY:**

1. Paano mo i-*rate* ang iyong sarili bilang isang lingkod sa mga tuntunin ng S. E. R. V. I. C. E.?
2. Kung sa palagay mo may pagkukulang ka sa isang bahagi ng paglilingkod, gumawa ng desisyon na itaas ang iyong antas ng pangako sa pamamagitan ng pagpapayaman sa iyong paglilingkod sa Diyos.

**Scribes Ministry**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pangako#Serbisyo